


Balitang
Pinoy

KAPIT-BISIG

No. 1 2
May 28th, 2017Paghahatid ng mga IMPORMASYON para sa kaganapan ng pakikibahagi ng bawat isa bilang
WORKMATE ワークメイト

【OFFICE】2-15-13 Sunshine Yamate 401,
Nakayamatedori Chuo-ku, Kobe-shi Hyogo-ken
【TEL/FAX】078-779-1572
【E-mail】workmate.office@gmail.com
【HP】http://www.workmate.jimdo.com



FILIPINO

NEWS TOPICS 最近のニュース

【Dinedemanda ng dating mga mag-aaral ang Japanese School】NHK Kyoto NEWS WEB Abril 29, 2017

【元留学生が日本語学校を提訴】

Nagsampa ng demanda noong ika-29 sa hukuman ng distrito ng Kyoto ang 15 Pilipino na dating nag-aaral sa isang Japanese school sa Kyoto laban sa kumpanyang namamahala sa paaralan upang ibalik ang kanilang matrikula, atbp, sa halagang 17.8 milyong yen, dahil ang kanilang pinagbasehan upang pumasok sa kasunduan na paliwanag sa kanila, na ang kikitain nila sa part-time na trabahong inareglo ng paaralan ay magiging sapat upang bayaran ang kanilang matrikula at gastos sa pamumuhay habang sila ay nag-aaral ay naiiba sa tunay na kalagayan.

Ang nagsampa ng demanda ay 15 mga Pilipinong babae at lalaki na ang edad ay nasa pagitan ng 20 hanggang 40 anyos, na dating nag-aaral sa [MRS Kansai Japanese School] sa Minami-ku ng Lungsod ng Kyoto na pinamamahalaan ng kumpanyang [Maru Mori Shoji].

Ayon sa demanda, pinaliwanag ng paaralan sa 15 tao na ang kikitain nila sa part-time na trabahong inareglo ng paaralan, na gagawin nila habang sila ay nag-aaral ng wikang Hapon, ay magiging sapat upang bayaran ang kanilang matrikula at gastos sa pamumuhay, dumating sila sa Japan noong Oktubre ng nakalipas na taon upang pumasok sa paaralan.

Ngunit sa katunayan, sila ay siningil para sa matrikula, tirahan atbp, na mababayaran lamang kapag sila ay nagtrabaho ng higit sa 28 oras sa isang linggo, na oras na itinakda ng imigrasyong maaaring magtrabaho ang mga dumadayong mag-aaral, at sila ay pinagtrabaho ng mahabang oras sa mga hotel, paktorya ng pagkain, atbp.

Maliban dito, hindi sila pinag-aaral tulad ng nakalagay sa kasunduan, halimbawa 4 na araw lamang sila nag-aral noong nakalipas na buwan, atbp. Dahil dito, ang 15 tao ay nagdedemanda ng kabayaran sa halagang 17.8 milyong yen para ibalik sa kanila ay bayad sa matrikula at para panlubag-loob na pera, atbp, mula sa [Maru Mori Shoji] na nagbigay ng paliwanag na naiiba sa tunay na kalagayan. Ang 15 tao ay lahat nakauwi na sa kanilang bansa noong nakalipas ng buwan. Ang [Maru Mori Shoji] ay nagsabi na [hindi pa dumadating sa amin ang papeles ng demanca kaya hindi kami makakapagbigay ng anumang komento].

京都市の日本語学校で学んでいたフィリピン人 15 人が、学校があっせんするアルバイトで学費や生活費がまかなえるという説明をもとに結んだ契約が事実と異なったなどとして、学校の運営会社に授業料の返還などあわせておよそ1780 万円の支払いを求める訴えを 29 日までに京都地方裁判所に起こしました。訴えを起こしたのは、京都市南区の「丸盛商事」が運営する「MRS 関西日本語学校」の生徒だった 20 代から 40 代のフィリピン人の男女 15 人です。訴えによりますと、15 人は、日本語を勉強しながら学校があっせんするアルバイトで授業料や生活費をまかなえるという説明を学校側から受けて、去年 10 月に来日し、入学しました。しかし、実際には、出入国管理法で留学生に認められている週 28 時間の労働時間を超えて働かなければ支払えない授業料や寮費などを請求され、ホテルや食品工場などで長時間、働かされたとしています。また、先月は 4 日しか授業が行われないなど、契約通りの授業も受けられなかったとしています。

【Ahensiya ng Serbisyo sa Gawaing-Bahay】Mainichi Shimbun Mayo 6, 2017 Limbag ng lokal na distrito

Sa Lungsod ng Osaka, atbp, ang mga dayuhan ay nagsimula nang mag-aaral tungkol sa [Japan]

Nakakaroon ng pangangailangan dahil sa pagdami ng mga sambahayang parehong nagtatrabaho

ang mag-asawa at mga matatanda ang miyembro ng pamilya / Osaka

大阪市内など外国人が「日本」学び現場デビュー 共働き、高齢世帯増で需要 大阪

Sa ahensiya ng serbisyonang gawaing-bahay na naaprubahan sa "national strategy special zone", may 8 Pilipinang dumating sa Japan at nagsanay ng mga 2 linggo sa kanilang papasukang kumpanyang [Duskin], na isang pangunahing kumpanya sa paglilinis. Hindi lamang sa paglilinis at sa gawaing-bahay, pinag-aralan din nila ang mga ugaling Hapon tulad ng hindi paghingi ng tip, atbp. Sila ay nailagay na sa mga tanggapang pinamamahalaan ng kumpanya, at pupunta sa mga lugar ng trabaho sa loob ng

Lungsod ng Osaka at Prepektura ng Kanagawa.【Yumi Shibamura】 (Continued → P5)

Mga Pilipinang nagsasanay sa paglilinis ng silid na estilong Hapon = sa Lungsod ng Suita sa Osaka, litratong kuha ni Yumi Shibamura [PR]



Mga sistema at batas ng Japan na magandang malaman

Ang sistema ng diborsyo sa Japan

Maaari kang ma-diborsyo nang hindi mo nalalaman!

Ang sistema ng diborsyo sa Japan at sa iyong bansa ay magka-iba.

Kumunsulta sa abogado o lumapit sa tamang opisina kung may mga katanungan o pangamba.

Para sa karagdagang impormasyon

<http://atoms9.wixsite.com/rikon-alert/filipino>

Prepared by: RIKON ALERT
 (Action Group for Divorce by Agreement)
 Headquarter: Association for Toyonaka Multicultural Symbiosis (ATOMS)
 Address: Toyonaka International Center
 〒565-0811 Tamai-machi Toyonaka-shi, Osaka 〒560-0026 JAPAN



Sa Japan, kahit isa lamang sa mag-asawa ang mag-pasa ng Rehistro ng Diborsyo sa munisipyo, ang diborsyo ay maaaring maigawad o mapahintulutan.

Ang pagkukop o kustodiya sa bata ay maaaring matukoy sa pamamagitan lamang ng Rehistro ng Diborsyo. Ang pagkukop o kustodiya sa bata ay maipagkakaloob sa isang magulang lamang. Kung ang karapatang kumukop sa bata ay naibigay sa dating asawa at sila ay nakatira sa isang bahay, mahirap na itong mapalitan.

Kahit peke ang pirma sa Rehistro ng Diborsyo, ang dokumento ay tatanggapin sa munisipyo.

Mag-pasa ng "Rikon Fujyuri Moushide-sho" sa munisipyo upang hindi ma-diborsyo ng asawa nang hindi nalalaman.

Sa Japan, kahit isa lamang sa mag-asawa ang mag-pasa ng Rehistro ng Diborsyo sa munisipyo, ang diborsyo ay maaaring maigawad o mapahintulutan.

Ang pagkukop o kustodiya sa bata ay maaaring matukoy sa pamamagitan lamang ng Rehistro ng Diborsyo. Ang pagkukop o kustodiya sa bata ay maipagkakaloob sa isang magulang lamang.

Kung ang karapatang kumukop sa bata ay naibigay sa dating asawa at sila ay nakatira sa isang bahay, mahirap na itong mapalitan.

Kahit peke ang pirma sa Rehistro ng Diborsyo, ang dokumento ay tatanggapin sa munisipyo.

Mag-pasa ng "Rikon Fujyuri Moushide-sho" sa munisipyo upang hindi ma-diborsyo ng asawa nang hindi nalalaman.

日本の離婚制度 日本では、一人で離婚届を役所に出しても、離婚ができます。

離婚届で子どもの親権者を決めることができます。子どもの親権者は父親か母親の、どちらか一人だけです。

相手が親権者で、子どもと一緒に住んでいると、親権者をあなたに変えることは難しくなります。

離婚届のサインがニセモノでも、役所は受(う)けつけます。知らない間に離婚されないようにするために、役所に

「離婚不受理申出書」を出してください。わからないことや困ったことがあれば、弁護士や近くの相談機関に相談しましょう。

Kumunsulta sa abogado o lumapit sa tamang opisina kung may mga katanungan o pangamba.

NGO Samahang Tumutulonga Sa mga Dayuhan	078-232-1290	Biyernes 1pm-8pm
Toyonaka International Center	06-6843-4343	Biyernes ng bawat linggo 11pm-4pm
Samahan ng Minoh para sa Internasyonal na Kamalayan	072-727-6912	Tuwing Martes 11pm-2:30pm
Kyoto YWCA APT	075-451-6522	Lunes 1pm-4pm Huwebes 3pm-6pm

知っておきたい日本の制度や法律 ～離婚制度～

- **Ang maaaring makapag-diborsiyo sa ilalim ng batas ng Japan**
 - * Kapag ang isa sa mag-asawa ay Hapon, at nakatira sa Japan
 - * Kapag ang mag-asawa ay parehong hindi Hapon, magkaiba ang nasyonalidad at nakatira sa Japan
- **Ang hindi maaaring makapag-diborsiyo sa ilalim ng batas ng Japan**
 - * Ang mag-asawa ay parehong dayuhan at mamamayan ng parehong bansa (Pilipino) na nakatira sa Japan → Ang batas ng dayuhang bansa (Pilipinas) ang gagamitin.

Ang Sistema ng Diborsiyo ng Japan

Pinagkasunduang Diborsiyo (*Kyougi Rikon*)

Kapag ang dalawang mag-asawa ay pumapayag sa diborsiyo, pipirmahan nilang pareho ang papeles ng diborsiyo (*riikon todoke*) at ipapasa ito sa munisipyo, upang maisagawa ang diborsiyo. Kapag may anak, isusulat kung ang ama o ang ina ang magiging magulang na may awtoridad sa anak (*shinkensha*). Maliban dito, kailangan ang pirma ng 2 tao na magtatayong saksi sa diborsiyo.

離婚届		全世 平成 年
		月 日 届出
平成 年 月 日 届出		第 第 号
氏 姓		妻 氏 姓
(よみかた) 夫	氏 名	妻
生 年 月 日	年 月 日	
住 所	番 地 番 号	
(住居登録をして いるところ)	新居 の氏名	

<Ingat! Basta na lamang na diniborsiyo?>

Hindi hiniling ang sang-ayon ng asawa at tinatakan na lamang ang papeles ng selyo ng pangalan ng asawa, ipinasa sa munisipyo ang papeles at tinanggap naman ng munisipyo. Sa kasong tulad nito, kailangang humiling sa hukuman ng pamamagitan ng korte upang makumpirma na ang diborsiyo ay walang bisa (*riikon mukou kakunin choutei*).

<Upang maiwasan na basta na lamang i-diborsiyo [Kahilingan sa hindi pagtanggap ng diborsiyo]

(*Rikon fujuri moushide*)>

Kapag nag-aalala na baka basta na lamang i-diborsiyo, magpasa sa munisipyo ng [Kahilingan sa hindi pagtanggap ng diborsiyo (*Rikon fujuri moushide*)], kapag ginawa ito kahit na magpasa ng papeles ang diborsiyo (*riikon todoke*) ang asawa, hindi ito tatanggapin. Ngunit maaari lamang magpasa ng Kahilingan sa hindi pagtanggap ng diborsiyo (*Rikon fujuri moushide*) kapag ang asawa ay Hapon ang nasyonalidad (kapag ang mag-asawa ay parehong dayuhan, hindi magagawa ito).

• Diborsiyo na Namamagitan ang Hukuman (*Choutei Rikon*)

Kapag hindi magkasundo sa diborsiyo sa pamamagitan ng pag-uusap, humiling sa Hukuman ng Pamilya na mamagitan sa usapan. Sa pamamagitan ng korte, may tagapamagitan ng tauhan ng hukuman na kasali sa pag-uusap. Kahit na sang-ayon sa diborsiyo, kapag hindi nagkasundo tungkol sa paghati ng kayamanan, pagbayad ng panlubag-loob na pera, suporta sa pagpalaki ng anak, kung sino ang magiging magulang na may awtoridad sa anak, atbp, magiging diborsiyo ito na namamagitan ang hukuman (*choutei rikon*). Batay sa mga kalagayan, may kaso rin na ang hukuman ang magiging tagahatol tungkol sa diborsiyo.

• Diborsiyong Nilitis sa Korte (*Saiban Rikon*)

Kapag hindi nagkaroon ng kasunduan kahit na namamagitan ang hukuman o hindi binigyan ng pasiya ng tagahatol, humuling sa Hukuman ng Pamilya na ilitis ang diborsiyo. Kapag may reklamo sa disisyon ng hukuman, maaaring magpasa ng apela sa Mataas na Hukuman (High Court) o sa Korte Suprema (Supreme Court).

Kapag naayos ang diborsiyo na namamagitan ang hukuman o sa paglilitis sa korte, susulatan ang papeles ng diborsiyo (*riikon todoke*) at ipapasa ito sa munisipyo kasama ang kasulatan mula sa hukuman.

Ang dayuhan asawa naman, kapag naayos na ang diborsiyo, mabibigyan ng [Sertipiko sa Pagtanggap ng Diborsiyo (*Rikon Todoke Juri Shoumeisho*)] at kailangang ilakad ang diborsiyo sa sariling bansa.

Magulang na may Awtoridad sa Anak at ang Visa ng Dayuhang Magulang

Kapag ang visa ng magulang na dayuhan ay [asawa ng Hapon] o [asawa ng isang permanenteng residente], kailangan ipaalam sa imigrasyon ang diborsiyo sa loob ng 14 na araw pagkatapos mapasa ang papeles ng diborsiyo (*riikon todoke*) o maaaring mamultahan ng hanggang 200 libong yen. Kapag naging magulang na may awtoridad sa anak na ang nasyonalidad ay Hapon, maaaring palitan ang visa upang maging isang [mahabang panahong residente] at maaaring manatili sa Japan kasama ang anak. Ngunit kapag hindi nakuha karapatang maging magulang na may awtoridad, mawawala ang visa at may kasong kailangang umuwi sa sariling bansa.

Kapag ang visa ay [asawa] tulad ng [asawa ng Hapon] o kaya [asawa ng isang permanenteng residente], kapag natapos na ang diborsiyo, kailangang ipaalam sa imigrasyon ang bagay na ito sa loob ng 14 na araw mula sa araw na narehistro ang diborsiyo. Kapag walang sapat na dahilan na hindi ipaalam sa loob ng 14 na araw, maaaring mamultahan ng hanggang 200 libong yen. Kapag ang visa ay [permanenteng residente] o [mahabang panahong residente], hindi kailangang ipaalam kahit na na-diborsiyo.

Kapag lumipat ng tirahan dahil sa pag-diborsiyo, kailangang magpasa ng notipikasyon ng pag-alis (*tenshutsu todokede*) sa munisipyo ng lugar na dating tinirahan at notipikasyon ng pag-lipat (*tennyu todokede*) sa munisipyo ng lugar na nilipatan, sa loob ng 14 na araw mula sa araw ng paglipat. Kapag walang sapat na dahilan na hindi makapagpasa ng notipikasyon sa loob ng 14 na araw, maaaring mamultahan ng hanggang 200 libong yen. At kapag hindi nakapagpasa ng notipikasyon ng 90 araw o higit pa, maaaring matanggalan ng visa. Ganoon din ang mangyayari kahit na ang vising hawak ay [permanenteng residente].

PAG-RENEW NG PASAPORTE O PASSPORT MGA KAILANGANG DALAHIN

1. Personal Appearance ng aplikante
2. Orihinal Passport/ Orihinal na passaporte
3. Application form na may mga impormasyong nakasulat
4. Return envelope na may nakasulat na address ng aplikante at may kalakip na 930yen postage stamps
5. Passport Fee na nagkakahalang 7800yen (Cash only)
6. Mga Dokumentong kailangan
 - A) Para sa ePASSPORTS/MRPs
 1. Photocopy ng pahinang may litrato
 2. Photocopy ng alien card / Residency card
 3. Photocopy ng Amendmend page, if applicable.
 - B) Para sa MRRP(Green Passports)
 1. Photocopy ng pahinang may litrato
 2. Photocopy ng Huling Pahina
 3. Photocopy ng Amendment page, if applicable.
 4. Orihinal na Authenticated PSA(NSO) Birth Certificate
 5. DFA Authenticated PSA(NSO) Marriage Certificate (Kung kasal)
 - C) Para sa Brown Passports (ipinagkaloob bago mag May 1. 1995)
 1. Photocopy ng mga pahinang 1,2,3,4 at hulng pahina
 2. Photocopy ng Alien card/Residency card
 3. Photocopy ng Amendment Page, if applicable

Information from

Philippines Consulate Website.

<http://osakapcg.dfa.gov.ph/consular-services/passport>

DOKUMENTO MGA KARAGDAGANG

- A) Para sa mga kasal na babaeng nagnanais na gamitin ang apelyido ng asawa
 1. Report ng kasal o DFA Authenticated PSA(NSO) Marriage Certificate
 2. DFA Authenticated Transcribed Marriage mula sa Local Civil Registrar(LCR)
Ito ay kailangan kung ang mga impormasyong nakasulat sa NSO Marriage Certificate ay malabo o hindi mabasa.
- B) Para sa mga babaeng dating kasal o may asawa na nagnanais na lbalik at gamitin ang kanyang dating pangalan o pangalan noong wala pang asawa/hindi pa ikinakasal.
 1. DFA Authenticated PSA(NSO) Birth Certofocate
 2. DFA Authenticated Transcribed Birth Certificaate mula sa Local Civil Registrar(LCR)
Ito ay kailangan kung ang mga impormasyong nakasulat sa NSO Birth Certificate ay malabo o hindi mabasa.
- C) Kung BALO na
 1. Orihinal at Photocopy ng DFA Authenticated PSA(NSO)Death Certificate ng Filipinong asawa
Na namatay o Koseki Tohon kung ang asawa ay isang Hapon.
- D) Kung Napawalang bisa na ang kasal
 1. Orihinal at Photocopy ng Philippine Court Order na nagpapatunay ng pagkawalang bisa ng kasal
 2. DFA Authenticated annotated PSA(NSO) marriage Certificate o Report of Marriage
- E) Kung Diborsyado na
 1. Orihinal at Photocopy ng Philippine Court Recognition na nagpapatunay na foreign divorce
 2. DFA Authenticated Annotated PSA(NSO) Marriage Certificate or Report of Marriage

PARA SA NGA APLIKANTENG MENOR DE EDAD(18 tao ng gulang pababa)

1. Valid passport ng mga magulang o legal guardian at photocopy ng pahinang may litrato ng mga nasabing pasaporte.
2. Photocopy ng pahinang may Litrato ng batang may pasaporte na dapat i-renew.
3. DFA Authenticate PSA(NSO) certified Birth Certificate ng bata o ng orihinal na Report of Birth na ipinagjaloob ng Philippine Consulate General sa Osaka.
4. Dapat samahan ng magulang na Filipino o legal guardian ang batang aplikante.

PARA SA MGA AMPONG LEGAL

1. Orihinal at photocopy ng DFA Authenticated PSA(NSO) amended Birth Certificate na nagpapatunay na bagong apelyido.
2. Orihinal at photocopy ng DFA Authenticated PSA(NSO) Birth certificate bago ang pag-ampon(if available)
3. Orihinal at photocopy ng Philippine Court Orden Adoption at Certificate of Finality.

日本で、フィリピンのパスポートの更新手続きをする場合

フィリピン大使館の
ホームページより

(2009年より、フィリピンのパスポートはICチップの入った「e-passport」になりました。)

更新に必要な手順:

1)必ず本人が領事館に行くこと 2)現在のパスポート 3)更新申込書 4)930円の切手を貼った返信用封筒
5)7800円の発行手数料 6)書類:既にeパスポートを持っている人が更新する場合、「グリーンパスポート」から更新する場合、1995年以前に発行された「ブラウンパスポート」から更新する場合、とそれぞれ必要な書類が異なるので、領事館のホームページでご確認ください。

- ・結婚した女性が婚姻後の性に変更する場合はNSOが発行した婚姻証明書が必要です。
- ・結婚した女性が、旧姓に戻す場合は、NSOが発行した出生証明書が必要です。
 - ・未亡人は、亡くなった配偶者の死亡届けまたは配偶者が日本人の場合は「戸籍謄本」を提出します。
 - ・婚姻が無効だった場合は、フィリピンの裁判所が発行した証明書が必要です。
 - ・離婚をした場合、フィリピンの裁判所が発行した証明書が必要です。

18歳以下の子どものパスポートを更新する場合は:

出生証明書などの必要書類を揃え、本人と保護者が一緒に領事館へ行き申請します。

養子のパスポートを更新する場合は:

出生証明書などの必要書類に加えて、フィリピンの裁判所が発行した養子縁組を承認する証明書の写しが必要です。

詳しくはフィリピン領事館のホームページにてご確認ください。

<http://osakapcg.dfa.gov.ph/consular-services/passport>

Ahensiya ng Serbisyo sa Gawaing-Bahay (From P1)

Ayon sa Cabinet Office, atbp, ang ahensiya sa serbisyo ng gawaing-bahay ay naitakda sa nabagong National Strategy Special Zone Law Enforcement Act ng 2015, at nasertipikahan na sa Lungsod ng Osaka, Prepektura ng Kanagawa at Tokyo. Kapag natugunan ang kondisyon na may kakayahan makipag-usap sa wikang Hapon ng pang-araw-araw na pag-uusap (pinakamababa na) at may 1 taong karanasan sa trabaho, makakapagtrabaho ang mga dayuhang manggagawa sa Japan sa isang nakatakdang panahon.

Ayon naman sa nasabing kumpanya, ang 8 tao ay nasa 25~38 na taong gulang, at dumating sa Japan noong ika-16 ng nakalipas na buwan. Maliban sa kurso ng kultura ng Japan at sa ugali, sila ay nag-aral din ng paglilinis sa pasilidad ng pagsasanay at sa kanilang tirahan ng mga 2 linggo. Sa pagsasanay noong ika-25, itinuro sa kanila ang mga detalyadong patakaran tulad ng - - sa paglinis ng silid na estilong Hapon, hindi dapat tapakan ang paligid na balot ng tatami hindi dapat ilapag sa sahig ang mga gamit sa paglinis, atbp. Pinuri sila ng tauhan ng kumpanyang namamahala sa kanila at sinabing [Habang nagsasanay, walang tigil ang kanilang pagtatanong, talagang masigasig silang nagsanay.].

Nakangiting sinabi ni Carlota Inboi Takahashi (38), na iniwanan ang pamilya sa Pilipinas at mag-isang pumunta sa Japan, na [Mahirap man sa umpisa pero ako ay magsisikap para sa aking pamilya.].

Pagkatapos magsanay, apat-apat na ipinadala ng 8 ng 2 araw sa tanggapan na pinamamahalan ng kumpanya sa Lungsod ng Osaka at Yokohama. Ang balak ay ipapadala sila bilang katulong sa gawaing-bahay tulad ng paglilinis, ngunit sa kasalukuyan kasama sila ng mga Hapong tauhan upang sila ay magkaroon ng karanasan sa trabahong gagawin.

Dahil sa pagdami ng mga sambahayang parehong nagtatrabaho ang mag-asawa at mga matatanda ang miyembro ng pamilya, nakikita ang pagdami ng pangangailangan sa ahensiyang gumagawa ng gawaing-bahay, ang nasabing kumpanya ay nagbabalak na makakuha ng 100 dayuhang trabahador sa loob ng 5 taon.

**Do you know <“Temporary Welfare Benefit” in 2017 > ?
Have you completed and submitted the application forms? Please check!**

* The Japanese Government is giving assistance to the low income group in the form of “Temporary Welfare Benefit” (RINJI FUKUSHI KYUFUKIN).

* Those eligible in receiving these payouts are registered residents (including foreign residents and children) in any municipality in Japan (excluding residents on temporary visas) as at January 1st, 2016. Those eligible in receiving “Temporary Welfare Benefit” are those who do not need to pay the residency tax in fiscal year of 2016.

Those who receive “Seikatu hogo” are not eligible.

* Each eligible resident will receive 15,000 yen.

* The application documents were sent by post to those who are eligible, so please check whether you have received them. Please fill in the application form and send it with necessary documents in the enclosed envelope to complete the application procedure. Applications must be submitted by Friday, September 15th, 2017.

* For further information, please call RINJI FUKUSHI KYUFUKIN special daial 0570-037-192 .

していますか？

りんじふくしきゆうふきん てつづき
<臨時福祉給付金について>手続きができていますか？あなたが給付の対象者が確認しましょう！

* 日本政府は、所得の低い人かのために「臨時福祉給付金」を支給することになりました。

* 給付の対象となるのは、2016年1月1日時点で、外国人を含めた日本のどこかの市町村に住居登録をしている人(短期滞在者や「外交・公用」をのぞく)です。子どもも対象になります。2016年度分の住民税を支払わなくてよい人が対象になります。生活保護を受けている人はもらえません。

* 対象者には申請書類が送られていますので、みなさん家に届いているかどうか確認してください。送られてきた申請書類に必要事項を記入し、申請書と必要な添付書類を、一緒に送られてきた封筒を使って郵送すれば申請完了です。申請の期限は2017年9月15日(金曜日)までです。

* 給付金は対象者一人につき、15,000円です。申請書を受付・審査のうえ、口座振込により給付金を支給されます。

* お問い合わせは、厚生労働省、臨時福祉給付金専用ダイヤル 0570-037-192

Ano ang kakainin natin ngayon? 今日、なに食べよう?

“Grilled Chicken with salt-marinated rice malt” 【とり の しおこうじやき】

Salt-marinated rice malt (Shio Koji) is now very popular in Japan, especially for those who care their health. Salt-marinated rice malt is made by adding aspergillus (koji-mold) to rice which called “malted rice” and ferment together with salt and water.

It is one of Japanese traditional seasoning. It improves an immune system.

It softens meat when you pickled meat with salt-marinated rice malt.

Very tasty with pickled fish with salt-marinated rice malt. You may use when you fry, cook, or dressing for salad.

Better to choose crème type without grain, if you buy one at the supermarket.

Ingredients:

2 Chicken breast meat

10% of weight of meat of Salt-marinated rice malt

Japanese leek, mushrooms, any vegetable you like



- 1) Poke the chicken breast several times with a fork. Put chicken breast and salt-marinated rice malt into Ziploc and rub them. Put vegetables and pickled it for half a day inside of refrigerator.
- 2) Put foil inside of the fish oven, and grill chicken and vegetable for 9 minutes each side. Be careful not to burn it.
- 3) Cut them into a good size and pour meat juice left on foil onto the chicken.

WORKMATE TALK!

Oshima Naoko san 大島奈緒子さん



*** You are supporting foreigners for a long time. What was at the begging?**

What kind of support were you giving?

23 years ago, a lots of Brazilians started to live Amagasaki where I was living. My family was running liquor shop and had Brazilian customers too. So we started to sale Brazilian products in the corner of the shop, put table and chairs, and cook requested Brazilian meal which I learned from the customers. Then the more Brazilian customers started to gather at our shop. Most of them were Catholic, so I was also baptized. Many foreigners were asking me advises, and I tried to help them. But after the Bankruptcy of Lehman Brothers, many Brazilian went back their country and now our shop is longer what it used to be.

***What kind of job are you doing now? Do you have many foreigners at your job?**

My family is still running the liquor shop, still have product from South America, and we cook Brazilian food on the weekend if there is a request. I started to work at the temporary employment agency 8 years ago and helping foreign workers. That is my main job today. I was used to ask for an advice related to job from the Brazilian customers, so I was interested about working condition of foragers. Where I'm working now is not a company only for Japanese. We are proving job for many people from various countries. Pure Food Nishinomiya has more than 10 Philippine workers, and others are form Vietnam, Indonesia, Thailand, etc. People from more than 10 different countries were working together.

***What do you mostly care at the job?**

I think "communication" between Japanese and feigners is better important, so we are trying to make working manuals in different languages. But customs are differ in each countries, so sometimes workers from two different countries were fighting at the working place.

***You have communication with Filipino too. What is your impression of Filipino?**

I have helped some Filipina who are looking for a job. I have an impression that they are trying hard to live (*isshokenmei*). It's very hard to live in Japan, but they try to get over the difference of customs. Of course they are human being, so sometimes they don't keep a promise or are not responsible, but they are very kind and warm. I would like to ask Filipina to be my caregiver when I need it.

***What is necessary for Japan to walk together with foreigners?**

I think Japanese need to understand culture and characteristics of foreigners. Those people from Philippines who live in Japan, they are very fast to learn Japanese but they also have a feeling of "ashamed" which is very "Asian-like". If Japanese know the good point of Filipinos, then there will be no mind of discrimination.

***外国人の支援を長い間されていますが、何がきっかけですか?どのようなことをされてきましたか?**

23年前頃から尼崎にもブラジル人が住むようになり、私の家の酒屋にお客さんとして来ていました。ブラジル商品をおき、ブラジル料理を教えてもらって出しました。ブラジル人の相談に対応したり、世話をしましたが、リーマンショック後ブラジル人の多くが帰国しました。

***今はなにをされていますか?仕事の現場では外国人が多いですか?**

今でも酒屋は続いています、主に大阪の派遣会社で、派遣労働者のお世話をしています。西宮のピュアフードさんではフィリピン人が10人以上いるし、ベトナム、タイ、インドネシアなど10カ国くらいの方が働いています。

***会社ではどんなことに気をつけていられますか?**

外国人とのコミュニケーションが大事だと考えて、労働現場の説明書など多言語で翻訳したりしています。

***フィリピン人との付き合いも多いと思いますが、どんな印象を持っていますか?**

日本での生活は困難なのに一生懸命頑張っていると思います。人間だから約束を守らなかったり、無責任なところもあるけれど、やさしいし、あたたかいです。私に介護が必要になったら、フィリピンの女性にお願いしたいくらいです。

***日本が外国人と共に歩むためには何が必要でしょうか?**

外国の文化や習慣を認めていかなければならないです。フィリピン人やそれぞれのいいところを認めていけば差別がなくなるのではないのでしょうか。

WORKMATE PROGRAM 2017

- Masayang Tahanan children and mothers gathering, Japanese lesson and school study
外国にルーツを持つ母子の居場所作り、学習支援
- Tagalog Class for Beginner タガログ語レッスン
Every Tuesday 10:30-12:00 毎週火曜日
- Japanese Class for JLPT 日本語強化レッスン
- Coordination of Translation 翻訳コーディネーター
- Coordination of Philippines Tour 旅のお手伝い
- Coordination of Job and Seminar 仕事相談
- Publish Kapit Bisig (ニュース発行 年4回)

Kung mayroon pong mga katanungan tungkol sa aming mga activities at services, huwag pong mag-atubili, kumontak po lamang sa telephone, fax, or e-mail.

WORKMATE

TEL/FAX 078-779-1572

E-MAIL workmate.office@gmail.com

<http://www.workmate.jimdo.com>



【Place】 Minami Awaji-shi, Hyogo Prefecture 南あわじ市

【Job Details】 processing of vegetables 野菜の仕分け等
(Mainly peeling and/or screening onions and/or okras)
You may sit down or stand up while you are working.

【Benefit】 **¥850/hour** (for the first month) 最初の1カ月は時給 850 円
After a month **¥230,000~¥280,000** 1カ月後から
(salary changes according to your ability) 能力に応じて月 23 万~28 万円

【Working Hours】 8:00AM~5:00PM or 6:00AM~4:30PM (possible to negotiate)
午前 8 時~午後 5 時 または 午前 6 時~午後 4 時半 要相談

【DAY OFF】 every Sunday 休日は毎週日曜日

【other】 Doesn't matter any sex, age, nationality
You are very welcome if you can speak simple Japanese conversation.
Available of apartment with ¥30,000 per month for a rent.
(includes car parking lot for a car)
Available of dormitory: ¥18,000 for single. ¥25,000 for a family.
We can also help you with the children's school.

【CONTACT US】

Helena Miyashiro 090-4276-4384 (English and Portuguese)
090-4904-4401 (Japanese)

CONTRATA-SE Região de Kansai (Awajishima)
Tipo de serviço : Verduras

Salário Inicial **¥850/h** (primeiro mês)
Após este período o funcionário poderá trabalhar por produção, podendo atingir salário mensal de **¥230.000~ ¥280.000** Conforme a capacidade de cada um
O trabalho pode ser em pé ou sentado conforme a preferência.

Ambiente predominantemente feminino.
Qualquer idade ou nacionalidade.
Não é necessário falar japonês.
Não cobramos shakai hoken

Engineer • Professional • Worker
E.P.W 株式会社イー・ピー・ダブル
Tel.: 090-4904-4401
〒656-0341 Hyogo-ken Minami Awaji-shi Tsui 235